

PATNUBAY SA MISA

1 Marso 2015

Ika-2 Linggo ng Kuwaresma


Taong B

Hamon sa Ating Pagpapakabuti

Ngayong Ikalawang Linggo ng Kuwaresma, ginaganyak tayong magnilay sa mensahe ng pagbabagong-anyo ni Hesus at ilapat ito sa ating buhay. Ang pangyayaring ito sa buhay ng Panginoon ay isang pampasigla upang tayo’y magpakabuti – upang mapagningning ang ating ilaw! Ito’y magkakatotoo kung mamumuhay tayo alinsunod sa turo at halimbawa ni Hesus.

Hinahamon din tayong manatiling tapat sa ating pananampalataya maging sa gitna ng mga pagsubok. Tiyak na ang Diyos na nagkaloob sa atin ng Kanyang bugtong na Anak ay magliligtas sa atin laban sa lahat ng sama at tutulong sa ating mga pangangailangan.

Nawa ang Eukaristiyang ito’y maging pagpapahayag ng pananampalataya sa maaasahang pagmamahal ng Diyos sa atin at pagpapatibay sa ating pangakong “mamuhay nang maningning.”



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ay iyong tinawag upang mukha mo’y mamalas. Ang mukha mo ay marilag, nag-aangkin ng liwanag. Ipakita mo’t ihayag.

Pagbati

P– Papuri’t pasasalamat sa Diyos Ama ng ating Panginoong Hesus-kristo. Nawa ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Sa paghahanda natin para ipagdiwang ang kadakilaan ng Panginoon, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin ang kanyang pagpapatawad at lakas. (Manahimik saglit.)

P– Panginoong Hesus, sa ningning ng iyong pagbabagong-anyo, pinuspos mo ng galak at kamanghaan ang iyong mga

disipulo. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, sa iyong pagbabagong-anyo, ipinahayag ng Ama na ikaw ang Kanyang mahal na Anak. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, ang iyong pagbabagong-anyo ay pagbabadya ng iyong muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Panalangin Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, iniutos mong pakinggan namin ang minamahal mong Anak na iyong kinalulugdan. Kami nawa’y makapakinabang sa iyong Salita upang sa pagdalisay nito sa aming kalooban kami ay lumigaya sa pagkakita sa iyong

liwanag sa pamamagitan ni Hesus-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Gen 22:1-2.9. 10-13.15-18

Ang pag-aalay kay Isaac ay di lamang isang pagsubok sa pananampalataya ni Abraham. Ito’y isa ring madulang pagbabadya ng sakripisyong pag-aalay ni Hesus sa Kalbaryo.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na yaon, sinubok ng Diyos si Abraham. Tinawag siya ng Diyos at tumugon naman siya. Sinabi sa kanya, “Isama mo ang pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo, at ihandog mo siya sa akin.”

Pagsapit nila sa dakong itinuro ng Diyos, gumawa ng dambana si Abraham. Nang sasaksakin na niya ang bata, tinawag siya ng anghel

ng Panginoon at mula sa langit ay sinabi: “Abraham, Abraham! Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Naipakita mo nang handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait sa kanya ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak.”

Paglingon niya’y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog kapalit ng kanyang anak.

Mula sa langit, nagsalitang muli kay Abraham ang anghel ng Panginoon. Wika nito, “Akong Panginoon ang nangangako sa iyo: yamang hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak, pagpapalain kita. Ang lahi mo’y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Lulupigin nila ang mga lunsod ng kanilang mga kaaway. Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat ikaw ay tumalima sa akin.”

Ang Salita ng Diyos!

B– Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 115*

B–*Sa piling ng Poong mahal, ako’y laging mamumuhay!*

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation in 3/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one flat (Bb). It contains the melody for the first line of the hymn: "Sa pi-ling ng Po-ong Ma- hal," with chords F and Dm7 indicated above the notes. The second staff continues the melody for the second line: "a-ko'y la-ging ma-mu-mu-hay!" with chords Bb, C, and F indicated above the notes.

* Laging buhay ang pag-asa, patuloy ang pananalig, bagamat ang aking sabi’y, “Ako’y ganap nang nalupig.” Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw, kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam. **B**

* Panginoon, naririto akong inyong abang lingkod, katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos. Yamang ako’y iniligtas, kinalinga at tinubos. Ako ngayo’y maghahandog ng haing pasasalamat, ang handog kong panalangiy sa iyo ko ilalagak. **B**

* Kapag nagsasama-sama ang lahat ng iyong hirang, sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay ang

ano mang pangako kong sa iyo ay binitiwian. **B**.

Ikalawang Pagbasa *Ro 8:31-34*

Sa mga binabagabag ng kung anu-anong alalahanin, ipinahahayag ni Pablo ang kanyang di matinag na paniwalang sadyang dakila ang pagmamahal ng Diyos sa kanila’t sa ating lahat.

L–Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid:

Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang laban sa atin?

Hindi niya ipinagkait ang sarili niyang Anak kundi ibinigay para sa ating lahat. Kung naipagkaloob niya sa atin ang kanyang Anak, hindi ba niya ipagkaloob sa atin ang lahat ng bagay, kasama ng kanyang Anak? Sino ang maghaharap ng sakdal laban sa mga hinirang ng Diyos, gayong ang Diyos ang nagpapawalang-sala sa kanila? Sino nga ang hahatol ng kaparusahan? Si Kristo Hesus bang nasa kanan ng Diyos? Siya pa nga ang namatay at muling binuhay, at ngayo’y namamagitan para sa atin.

Ang Salita ng Diyos!

B– Salamat sa Diyos!

Awit-pambungad sa Mabuting Balita

B–*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)*

Sa ulap na maliwanag, ito ang siyang pahayag; ang D’yos Ama na nangusap: “Ito ang mahal kong Anak; lugod kong dinggin ng lahat.”

(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita *Mc 9:2-10*

Sa salaysay tungkol sa pagbabagong-anyo ni Hesus, nariyan ang pagpapahayag kung sino nga siya (ang Anak ng Diyos). Ipinahahayag din ng tinig buhat sa ulap kung paano ang dapat nating maging pakikitungo sa kanya (“Pakinggan ninyo siya”).

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B–**Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, umakyat si Hesus sa isang mataas na bundok. Wala siyang isinama kundi sina Pedro, Santiago at Juan. Samantalang sila’y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Hesus,

nagningning ang kanyang kasuotan na naging puting-puti, anupa’t walang sinumang makapagpapaputi nang gayon. At nakita ng tatlong alagad si Moises at si Elias, na nakikipag-usap kay Hesus.

Sinabi ni Pedro kay Hesus, “Guro, mabuti pa’y dumito na tayo. Gagawa po kami ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises at isa kay Elias.” Hindi nalalaman ni Pedro ang kanyang sinasabi sapagka’t masyado ang takot niya at ng kanyang mga kasama.

At nililiman sila ng isang alapaap at mula rito’y may tinig na nagsabi, “Ito ang minamahal kong Anak. Pakinggan ninyo siya!” Pagdaka, tumingin ang mga alagad sa paligid nila at nakitang wala na silang kasama roon kundi si Hesus.

Habang bumababa sila sa bundok ay mahigpit na itinagubilin sa kanila ni Hesus: “Huwag ninyong sasabihin kaninuman ang inyong nakita hangga’t hindi muling nabubuhay ang Anak ng Tao.” Sinunod nila ang tagubiling ito, ngunit sila-sila’y nagtanungan kung ano ang kahulugan ng sinabi niyang muling pagkabuhay.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Ang kaningningan ng Pagbabagong-anyo ay nakatutulong sa atin para tanggapin ang malungkot na katunayan ng krus sa buhay ni Kristo, at sa buhay rin natin. Nananalig sa maaasahang pagmamahal ng Ama, manalangin tayo:

B – Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa Simbahan: Nawa tapat niyang magampanan ang kanyang misyong magpahayag sa lahat ng bansa na si Hesus ang tanging Tagapagligtas. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at lahat ng iba pang pinunong espirituwal: Nawa tuwina silang manalig sa pagmamahal ng Diyos maging sa gitna ng pagdurusa at pakikibaka. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng dumaraan sa mga mahigpit na pagsubok: Nawa matagpuan nila sa Panginoon ang bukal ng kanilang kasiyahan at lakas. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nalilito't nabalisa: Nawa makatagpo sila ng kahulugan sa kanilang buhay sa buhay at mga turo ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Nawa tayo'y maging ganap na bukas at handang sumunod sa nais ng Diyos, tulad nina Abraham at Hesukristo. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – O Diyos Ama namin, Bukal ng lahat ng lakas at kasiyahan, gawin Mo kaming tapat sa Iyo hanggang kamatayan, sunod sa halimbawa ni Hesus na Iyong Anak, na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito ay magdulot nawa ng kapatawaran ng aming mga kasalanan at magpabanal sa aming buong katauhan para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Kuwaresma

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Nang maipagtapat niya sa mga alagad na siya'y laang matatay para sa lahat, sa kanila'y kanyang ipinamalas ang kanyang sariling puspos ng liwanag. Ang iyong mga Utos at mga Propeta ay pawang mga tagapagpatunay niya sa pagkakatalagang para sa kapwa'y magdusa upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,

maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito si Hesus, ang pinakamamahal na Anak ng Diyos Ama. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ito ang Anak kong mahal, na aking kinalulugdan ng buo kong kalooban. Siya ay inyong pakinggan at sundin sa pangangaral.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa dakilang paglilwanag sa bagong anyo ng iyong Anak ay tumatanaw ng utang na loob sa iyo sapagkat kahit ngayon pa man sa lupang ibabaw pinapagsasalmo mo na kami sa kariktan ng kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Nagagalak kayo sa pagbabagong-anyo ng Panginoon. Puspusin nawa kayo ng Panginoon ng Kanyang liwanag sa inyong buhay.

B – Amen!

P – Iadya nawa kayo ng Panginoon sa lahat ng sama at gabayan kayo sa landas ng pagmamahal at kapayapaan.

B – Amen!

P – Itulot nawa ng Panginoong kayo'y maging bukal ng

kasiyahan at kaliwanagan para sa lahat ng nagdurusa o nababalisa.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

PAGBABAGONG-ANYO:

Ang Pangyayaring Inspirasyon at Hamon sa Atin

Ang pagbabagong-anyo ni Hesus – ang pagpapahayag ng kanyang dakilang kalikasan at kaluwalhatian – ay isang di malilimot na karanasan para sa tatlong mapalad na disipulong sina Pedro, Santiago, at Juan. Gayon na lang ang kanilang pagtatangi sa alaala nito sa buong buhay nila. (*Sangguniin Jn 1:14 at 2 Ped 1:17-18.*)

May mensahe rin ba kaya sa atin ang pagbabagong-anyo ni Hesus? Maaari nating isiping nangyari iyon sa kanya sapagkat, bukod sa kanyang pagiging isang tao, siya ay Diyos din. Ngunit tayo’y mga karaniwang nilalang lamang . . . *Tayo’y mga hamak na makasalanang nilalang!* Malimit na ang ating mga buhay, mga isipan, at gawi ay malayo sa pagiging maningning . . .

Gayunman, alam nating mayroon din tayong kislap ng kabanalan. ***Nilikhang kawangis ng Diyos, taglay natin sa ating sarili – na gaya ng isang napakahalagang binhi – ang kakayahan at ang panawagang papagningningin natin ang kabanalan ng Diyos.*** Subalit ito’y binhing nababalot ng kahinaan. Sa marami sa atin, ito’y nahihimbing na binhi, bihag sa putik ng ating mga bisyo at pagkakasala. Ngunit sa biyaya ng Diyos, ang binhi’y nananatiling buhay, at taglay pa rin nito ang kakayahang umusbong at lumago, kung mabibigyan lamang ng pagkakataon.

Sa mahabang panahon, marami ang nangarap sa Pagbabagong-anyo bilang panghabambuhay nilang tungkulin. Tulad ni Abraham, dininig nila ang panawagan ng Panginoong talikdan ang katiwalian, pagkamakasarili, hilig sa lahat ng mga materyal, at kasiyahan, saka umusbong na tulad ng binhi sa panahon ng tagsibol, sa

sikat ng araw ng pagmamahal ng Diyos. ***Sa gayon nagmistulang magandang punong hitik sa bunga ng kababaang-loob, pagkabukas-palad, kadalisayan, at pagkakawanggawa . . .*** Nagningning ang kanilang kabutihan, at di ito napalamlam ng kamatayan man. Ang mga nasa paligid nila’y nakasaksi sa katulad ni Kristo. Tawag natin sa kanila’y “mga santo.” Tawag sa kanila ng Diyos ay “mga kaibigan.” Salamat sa mga taong tulad nila, ang mundo ay higit na maganda at nababawi ng sangkatauhan ang kanyang karangalan at kadakilaan.

Ang panahon ng Kuwaresma, ang tagsibol ng ating mga kaluluwa, ay siyang para sa atin isang paalaala ng dakila nating potensiyal. Ang Pagbabagong-anyo ay isang paanyaya sa ating lahat para maging dakila. Alam natin kung paano – sa pamamagitan ng pagiging bukas sa biyaya ng Diyos, pagbabalik-loob, pagsisisi, dasal, at pagkakawang-gawa. Ito ang ating pagkakataon upang ilantad ang tunay nating kadakilaan.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. San Agustin • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan